Ang Dapat Asahan Pagkatapos Magrehistro sa FEMA

Release Date: Aug 21, 2023

Tandaan itong mahahalagang hakbang kapag ginagawa ang iyong proseso ng tulong ng FEMA:

- **Huwag nang maghintay pa para magsimulang maglinis.** Kumuha ng litrato ng kahit anong sira, itakda ang iyong mga pagkawala at itago ang lahat ng resibo para patunay sa mga gastos na naidulot ng sakuna.
- **Maghain ng claim sa seguro.** Ang mg aplikanteng nakaseguro para sa pagkasira sa kanilang bahay na dulot ng sakuna ay dapat magpakita ng kasunduan sa seguro o dokumento ng benepisyo sa FEMA bago sila maikonsidera para sa tulong pederal.
- **Magrehistro sa FEMA.** Ang mga may-ari ng bahay at umuupa sa County ng Cook County na walang seguro o may kakulangan sa seguro sa kanilang pagkasira na naidulot ng sakuna noong Hunyo 29 – Hulyo 2, 2023, ay hinihikayat na mag-apply para sa tulong sa sakuna ng FEMA. Pumunta sa online sa DisasterAssistance.gov, gamitin ang FEMA mobile app o tumawag sa 800-621-3362. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay tulad ng serbisyo ng relay sa bidyo, serbisyo ng naka-caption na telepono o iba pa, ibigay mo sa FEMA ang numero mo para sa serbisyong iyon.
- **Magtakda ng araw para siyasatin ang iyong bahay.** Karaniwan, bago ka magrehistro, kakausapin ka ng isang tagasiyasat ng FEMA para magtakda ng petsa ng appointment. Siguraduhin mong sagutin ang telepono. Ang numero ng telepono ng tagasiyasatay maaaring mula sa labas ng estado o makita sa caller ID bilang “unavailable” (walang numerong makikita).
- **Mag-ipon ng impormasyon para sa pagsisiyasat.** Maging handa na ipakita sa tagasiyasat ang iyong litrato ng pagkakakilanlan; katibayan ng pag-aari o pagiging resident; listahan ng mga nakatira sa iyong bahay sa panahon ng sakuna; lahat ng pagkasira sa pag-aari na naidulot ng sakuna; at iyong patakaran sa seguro. Kung mayroon kang mga litrato ng pagkasira o resibo ng

pagpapagawa na naidulot ng sakuna, ihanda rin ang mga iyon.
- **Makipagkita sa tagasiyasat.** Kabilang sa pagsisiyasat ang pagtingin sa mga nasirang bahagi ng iyong bahay na naidulot ng sakuna at ang pagsusuri sa iyong mga talaan records. Ang mga tagasiyasat ng FEMA ay magdadala ng opisyal na tarheta ng pagkakakilanlan na may litrato at hindi sila hihingi ng impormasyon tungkol sa iyong bangko. Hindi rin sila hihingi ng pera at mangangailangan ng kahit anong uri ng kabayaran.

Pagkatapos makarating, ang tagasiyasat ay hihingi na beripikahin ang pangalan ng aplikante pati na rin ang tinitirhan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, occupancy, katayuan ng pagmamay-ari, at saklaw ng seguro. Makatwirang akomodasyon, kabilang ang pagsasalin at mga tagapagsalin sa ASL, ay maaaring gamitin para tiyakin ang epektibong komunikasyon sa mga nakaligtas.

- **Fill-upan at isumite ang iyong aplikasyon sa pautang ng U.S. Small Business Administration (SBA o Administrasyon ng Maliliit na Negosyo sa Estados Unidos).** Pagkatapos magrehistro para sa tulong sa sakuna, maaaring iharap ang mga aplikante sa SBA. Walang obligasyon na tanggapin ang isang pautang, ngunit baka palampasin mo ang pinakamalaking mapagkukunan ng pederal na pondo sa pagbawi mula sa sakuna kung hindi ka mag-apply. Kung hindi ka maging kwalipikado para sa isang pautang sa sakuna ng SBA, maaari kang isangguni muli sa FEMA para sa iba pang uri ng tulong na grant.
- **Pagkatapos ng inspeksyon.** Tatanggap ka ng sulat na nagpapaliwanag sa desisyon ng FEMA sa pagiging karapat-dapat sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagbisita ng tagasiyasat. Siguraduhing basahin ito nang mabuti; maaari itong magpaliwanag ng kinakailangang mga karagdagang hakbang para ipagpatuloy ang proseso. Kung ikaw ay natiyak na kwalipikado para sa tulong, maaari kang makatanggap ng tseke mula sa U.S. Treasury (Kaban ng Estados Unidos) o isang direktang deposito base sa iyong pinili noong panahon ng iyong aplikasyon.

Upang makaalam pa tungkol sa proseso ng inspeksyon, bisitahin ang aming website sa www.fema.gov/assistance/individual/after-applying/home-inspections . Ang huling araw para mag-apply para sa tulong ng FEMA ay Ika-16 ng Oktubre, 2023. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa operasyon ng pagbawi mula sa sakuna sa Illinois, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4728.